March 31, 2023
Mamburao, Occ. Mindoro

Dear PENRO,

Ako po ay naisama sa sulat ni CENRO Santos kay G. Norlito Escamillan, Pangulo, Samahan ng Katutubo at Tagalog sa So. Shekinah na tila mayroon akong ginawang kalokohan sa kanila o pagsasamantala sa pagbibigay ng libreng survey noong ako ay nariyan pa sa opisina.

Aking inumpisahan ang naturang survey mga bandang Oktubre 2021 **at ng** ito ay maverify na nasa lot 1028, Pls-25 ay isinama sa Request for Survey Order noong November 2021 bilang paghahanda sa target sa 2022. Ganyan po nung panahon namin na proactive kami at ginagawa ang maaaring gawin bago pa man bumaba ang pormal na target mula sa Regional Office. Ni walang SELFIE na may hashtag na kung ano ano sapagkat para sa akin ito ay nakakahiya. Makikita nyo po sa record na hindi kami nagyabang, ngunit nagdeliver. Hindi rin kami nagsusurvey ng last quarter upang ipapagyayabang pa ngunit ang totoo ay kulang na kami sa oras. Itoy masasabi kong gawain ng isang kulang sa pansin at hambog. Matanong ko po, mula noong akong nagbitiw isang taon na po ang nakalilipas, ilan na po napaaprubahan ni CENRO Santos na hindi ko po survey?

Patungkol pa rin po sa usapin ng Shekinah, matagal po naming pinagaralan at nagpatawag po kami ng meeting sa Barangay kasama po ang pinagakakatiwalaang ni CENRO Santos na si LMI Menchie Quinones at si Hilmar Villaflores. Saksi rin po sa ginawang meeting ang Kapitana at si MPDC Emer Cristalino. Doon po inihayag ko ang kagustuhan ng dating pamunuan ng CENRO na masukat ito ng LIBRE. LIBRE po kahit po ipagtanong ninyo sa kanila. Kung meron po nakapagsabi na akoy naniningil ng kahit magkano o kaya ay meron kaming naging kapakinabangan na kung sa anong paraan ay mabuting patunayan ito. Meron pong kapangyarihan ang makisig na CENRO upang imbestigahan ang bagay na ito subalit tila pagpapahula at pagpaparinig lamang ang kanyang ginagawa. Nagpapakita lamang ito ng pagiging mapagbintang meron lamang masabi. Iwasan sana lalo na ng may mga katungkulan ang pumatol sa tsismis lalong lalo na ang paggawa nito. Bakit po ang hiling nila ngayon ay Survey authority? Sapagkat hindi nga po ito napagbigyan sa Survey Order na ibinaba noong panahon na po ni CENRO Santos, Feb. 23, 2022, paano pa po makakarequest ng SA kay CENRO Quebec gayong si CENRO Santos na po ang nakaupo? Kaya SO pa ang unang option ay para maging accomplishment po ng opisina sa lot survey. Ang pagkakatanda ko lamang po ay isang beses itong nairequest noong panahon ni CENRO Quebec salungat po ang sinasabi ng makisig na CENRO na dalawang beses raw po. Sana ay mapakitaan naman po sana kami ng katunayan ng sinasabi niyang dalawang beses na request sapagkat nasa records naman po ang lahat. At bakit naman po lalagyan ng malisya kung nakadalawang beses? Maulit ko, insinuations!!

Balikan po natin ang usapin sa katibayan ng pagaari ng lupang di pa titulado,. Marami po ang paraan ng pagmamayari ng isang public land, at ang waiver mula sa dating nagke claim (not owner) ay isa lang sa pamamaraan. Lingid po siguro sa kaalaman ni CENRO Santos na may puwang sa batas ang magkaroon ng patente sa pamamaraang "Acquisitive Prescirption" kung saan may panahon na nakasaad upang ang pamumusisyon mo ay mamunga ng pagaari. Ang nakalagay po sa batas ay maaring magkaroon ng patente ang isang aplekante ng lupang

agricultural kung siya o ang kanyang predecesors- in- interest ay may 20 (10 kung residential) taon sa lupa ng open, continuous, exclusive at notorious at binabayaran ang amilyar. Alin po kaya ang nagawa ng mga pinaglalaban ni CENRO na tax declarant? **Open**- wala na pong occupation ang mg Calangi, **Continuous**- wala na pong nauukapahan ang Calangi kahit isang metro kwadrado ngayon, **Exclusive**- mga tao na po ang nakaukupa mahigit nang 30 taon, at **Notorious**- wala na pong makitang pagmamayari ang Calangi. May jurisprudence na po patungkol sa usaping yan. GR 158385, Palali v Awisan, noong February 12, 2010 na ang ponente ay si Justice Del Castillo at sinabi na *"A person occupying a parcel of land by himself and through his predecessors- in- interest, enjoys the presumption of ownership. Anyone who desires to remove him from the property must overcome such presumption by relying solely on the strength of his claim rather than on the weekness of the defense"* ang pagkakaroon ng tax declaration ay hindi matibay na ebidensya ng pagaari, maniniwala po ako kung kasama nito ang pamumusisyon. Nakalagay mismo sa tax declaration form, *this is for taxation purposes only, it shall not and cannot by itself alone confer any ownership*. Matanong ko po, bakit kaya po kaya hindi nasama sa approved survey order ang loteng usapin samantalang ang karamihan naman po sa ipinasang request para sa Survey Order ay approved? Di po ba panahon na ng makisig na CENRO Santos ng naaprub ang SO? At ang dating katiwala ng mga Calangi na si Mr. Willy ay nagpapatunay noong pameeting na hindi na interesado ang mga Calangi ay bigla na lang naghahabol na sila ay mabayaran noong panahon ni CENRO Santos lamang. Marahil ito ay napakapambihirang coincidence di po ba? Sinasabi po ng makisig na CENRO na may rekomendasyon na binigay ng Regional Office kung bakit di ito naaprubahan ay pawang mula sa hangin. Sa aking pamamalagi ng 6 na taon sa serbisyo ay ni minsan ay wala po ibinibigay na recommendation/comment in writing ang Regional office para sa request naming SO lalong lalo nap o sa loteng pinaguusapan. Hinahamon ko po ang makisig na CENRO na ito ay ilabas.

Ang tanging hawak lamang po ng mga Calangi ay Tax declaration na hindi na rin po nila binabayaran ng mahigit 20 taon at sila pa ang kinokonsidera ng makisig na CENRO na mas may matibay na karapatan kesa sa mga taong nakaukupa? Sa mga rason ko pong nabanggit kung bakit naninindigan po ako na maaari ng magkaroon ng patente ang mga nakaukupa, sino po ngayon ang sinasabi ng makisig na CENRO na tama at mali sa pagitan naming dalawa? At sino po kaya sa tingin nya ang magwawagi? Paki bigyan naman sana ako ni makisig na CENRO ng batas o kahit man lamang talata na makakakumbinsi sa akin na tanging waiver lang ang sagot sa lahat. CENRO, Sir, sa haba po ng sagot nyo kay ginoong Escamillan ay puro insinuation lamang at WAIVER ang laman. Wala po bang mas masustansyang mailalaman bilang kayo po ay SG 24?.

Sa usaping paninira ko sa kanya, baka gusto po ng makisig na CENRO tumingin ng maige sa salamin. Tingnan kung bakit ang tila maayos at marangal ng opisina ng Sablayan ay puro himutok, paninira at pagmamalinis ang nangyayari. Ang pamamahiya sa isang tao ay ni minsan ay hindi naging tama. Ang pagpatol sa chismis ay di gawa ng isang mabuting kawani. O baka naman kaya ito ang diskarte nya ay may itinatago na baho na ayaw sumingaw. Ako ay lumisan sa aking trabaho na unti unti ko ng minahal sapagkat ayaw ko na ng aking working environment sapagkat di na ito nakabubuti sa aking kalusugan. Kung paninira din lamang ay kilala ko kung sino ang sumisira sa CENRO Sablayan, marahil tinatakpan ito ng ginto sa labas, ngunit tila burak ito sa loob.

PS. Mainit po ang usapin sa panunugod ng makisig na CENRO after office hours sa Pinagturilan Sta. Cruz, na tax declaration na nakapangalan pa sa Republic of the Phils lamang ang hawak ng kasama at walang possession ang nagbenta. Ito na baa ng uri ng Lider meron

ang CENRO. Sa nasaksihan kong ginawang pagpapaasa ng makisig na CENRO sa illegal settler sa Maasim noong Pebrero 2022 na ang tawag sa makisig na CENRO ay TAGAPAGTANGGOL AT TAGAPAGLIGTAS na nakangiti niyang tinanggap, Messiah ang galawan ni CENRO . Sir, natulungan po ba ng makisig na CENRO na manalo ang mga ito sa kasuhan sa korte sapagkat ang sabi raw po ay nagpapahingi ng Decision sa MTC ang makisig na CENRO sa katauhan ni Mr. Padios? Yun po sa lote na venerify ko dahil sa kahilingan ni PASu Tala sa Sablayan, napatunayan po ba ng makisig na CENRO na naningil ako sa karatig na hindi ko kakilala? Lolahin po ni Kuya Odel yun at pwede nya po tanungin si Kuya Odel. At hindi po kailangang sukatin ko yun para mapatunayan kung meron public land o wala. Katulad sa order ng makisig na CENRO sa Mariil Paluan na irelocate ko raw ang titled property ng Castillo para malaman kung ang mga tao ay nasa loob o labas nito. Sir, marami pang kakaining bigas ang makisig na CENRO pagdating sa survey. Inuuna ang yabang kesa alam. Yung paninirang puri ng makisig na CENRO sa akin para lamang makapagyabang sa Abra de Ilog at miniting pa para ako ay ipahiya sa mga tao at sinabi pa daw po na hindi siya pumapayag at wala siyang pahintulot. Ngunit nung kinalaunan ay nalaman na titulado pala ito at ayon sa kanyang mga kinumbinsi na makipaglaban sa mayari at sa akin ay ayaw na ng makisig na CENRO sila harapin. Sa sama po ng serbisyo ng OMECO Sir ay tila nakuryente pa po ang makisig na CENRO. Yung mga paggawa po ng ECC na sabi nila ay ang mapagmalinis na CENRO daw po ang kumokuntrata sa SAMARICA, tunay po ba ito? Hindi ko po nagawa na magsabi na ang lupa ko ay nasa paso lang ngunit 8 ektarya ang aking natatamnan ng sibuyas sa Purnaga at pinakawalan ko ang 2.4 hektarya nung ako ay nagipit. Sideline ko po magsukat sa pangangasiwa ng aking kapatid, di ko naman po itinago na nagsa sideline po ako. At ang mga naipundar ko po ay di ko ipinangalan sa iba para itago. Ito po ay di ko nagawa upang sabihin KO na ako ay tuwid at malinis at lalong lalo na po na hindi ko Sir ito nagawa dahil hindi po ako IPOKRITO.

Umaasa po ako na masagot ng makisig na CENRO at pabulaanan ang aking mga naisulat lalo na sa katibayan ng WAIVER na bukod tangi nyang alam.

Lubos na Sumasainyo,

ERIC CHRISTIAN D. CUSTODIO

RECORDS
RECEIVED BY:
DATE: 04/18 TIME:
RELEASED BY:
DATE: TIME: